

# MGA PROPETA SA BAGONG TIPAN



"Ngayo'y may iba't ibang mga kaloob, datapuwa't iisang Espiritu. At may iba't ibang mga pangangasiwa, datapuwa't iisang Panginoon. At may iba't ibang paggawa, datapuwa't iisang Dios na gumagawa ng lahat ng mga bagay sa lahat." (1 Corinto 12:4-6)

Mula kay Malakias pasulong, 400 taon ang nakalipas na walang narinig na tinig ng sinumang propeta sa bayan ng Dios. Dahil sa katahimikang ito, itinuring ng Israel ang pamantayan ng Kasulatan (ito ay, mga aklat ng Lumang Tipan) na sirado na.




Gayunpaman, hindi tumagal ang pananhimik ng Dios. Sa tamang panahon, nagpagdala Sya ng bagong propeta: si Juan na Bautista (Mateo 11:7-9). Mula sa sandalling iyon, lumabas muli ang mga propeta. Sila ang responsable, kabilang sa ibang mga gawain, sa pagsulat ng Bagong Tipan.

Anu-ano ang mga tungkulin ng mga bagong propeta at propetesa? Sinu-sino sila? May mga bulaang propeta ba, gaya ng sa panahon ng Lumang Tipan?



**Mga tungkulin ng mga propeta sa Bagong Tipan**

**Mga Propeta sa Bagong Tipan:**

- Hesus, ang propetang inihula
- Ang mga apostol at mga propeta
- Propetesa
- Mga kamanggagawa ni Pablo
- Bulaang propeta

# MGA TUNGKULIN NG MGA PROPETA SA BAGONG TIPAN

"But he who prophesies speaks edification and exhortation and comfort to men" (1 Corinthians 14:3)

**Sa Bagong Tipan, ang propesiya ay ipinakilala bilang kaloob ng Banal na Espiritu, na ibinuhos ng sagana (Rom. 12:6). Sa isang simbahan ay maaaring may maraming propeta na kailangan nilang magsalitan ng pagsasalita (1 Cor. 14:29-31).**

**Anu-anong mga tungkulin na ginagampanan nitong mga propeta? (Apoc. 19:10; 1:1; Efe. 4:11-12; 1 Cor. 14:3; Gawa 15:32).**

Ang pangunahin nyang misyon ay akayin ang mga tao patungo kay Jesus

**Magpatotoo tungkol kay Jesus**



Ipahayag ang mga pangyayaring magaganap kahit sa panahon natin ngayon


**Pagpapahayag sa hinaharap**




Magtayo ng matibay ng na iglesiang makakatayo sa pag-atake ng kaaway

**Pagpapatibay**






Ipahayag ang kasalanan, upang makapagsisi ang mga tao

**Pangangaral**



Ipinadala si Judas at Silas sa mga iglesia para sa natatanging layuning ito

**Pag-aliw**











# MGA PROPETA SA BAGONG TIPAN



# HESUS, ANG PROPETANG INIHULA

"Palilitawin sa iyo ng Panginoon mong Dios ang isang propeta sa gitna mo, sa iyong mga kapatid, na gaya ko; sa kaniya kayo makikinig." (Deuteronomio 18:15)




**Si Hesus ay itinuring na propeta ng mga kasabayan nya (Mt. 21:11; Mk. 6:15; Lk. 7:16; Jn. 6:14).**

**Siya mismo ay nagturing sa sarili ng ganito (Mr. 6:4; Lk. 13:33).**

**Tinukoy ni Pedro si Hesus na Propeta/Mesiyas na ipinahayag ni Moises at ng iba pang mga propeta (Deut. 18:15; Gawa 3:18-26).**

**Ngunit hindi ni Hesus sinulat ang Salita ng Dios, dahil Siya ANG SALITA (Juan 1:1).**





**Hindi lang Sya "liwanag na umiilaw sa madilim na lugar," gaya ng ibang propeta, ngunit Siya mismo ANG LIWANAG (2 Ped. 1:19; Jn. 1:9; 8:12).**

**Ang Kanyang gawain ay higit pa sa sinumang propeta. Si Hesus lang ang tanging makapagbibigay ng walang-hanggan sa ating lahat dahil sa Kanyang buhay, kamatayan, at pagkabuhay muli.**



# MGA APOSTOL AT MGA PROPETA

"Na nang ibang panahon ay hindi ipinakilala sa mga anak ng mga tao, na gaya ngayon na ipinahayag sa kaniyang mga banal na apostol at propeta sa Espiritu" (Efeso 3:5)

**May pagkakapareho sa mga katangian ang mga apostol at mga propeta sa Bagong Tipan:**

- Sila ay mga taong pinadala ng Dios (Lk. 11:49)
- Nakatanggap sila ng kaloob na manguna sa iglesia (1 Cor. 12:28-29; Efe. 4:11-12)
- Sila ang pundasyon ng Iglesia (Efe. 2:20)
- Nakatanggap sila ng mga pahayag (Efe. 3:5)
- Nagalak sila sa hustisya (Apoc. 18:20)

**Kung binabanggit na magkakasama, nauuna ang mga apostol sa mga propeta (maliban sa Lucas 11:49). Inihahalintulad ni Pedro ang mga apostol sa mga sinaunang mga propeta (2 Pedro 3:2).**

**Ang mga apostol ay espesyal na inatasang magbigay ng patotoo sa pagkabuhay na muli ni Hesus mismo (Gawa 10:40-41).**






**Binanggit ng Bagong Tipan ang ilang mga propeta, sa pangalan ang ilan: Barnabas (apostol), Simon, Lucius, Manaen, Saul (apostol), Judas, Silas, at Agabus (Gawa 11:27; 13:1; 15:32; 19:6-7; 21:10).**



# PROPETESA

"[Si Felipe na ebanghelista] Ang tao ngang ito'y may apat na anak na binibini, na nagsisipanghula" (Gawa 21:9)



Ang tanging propetesa na binanggit ang pangalan sa Bagong Tipan ay si Anna, na "nagsalita tungkol sa bata [Hesus] sa lahat na umaasa sa pagtubos sa Herusalem" (Lucas 2:36-38).



Ang apat na anak na babae ni Felipe na ebanghelista ay nakatanggap din ng kaloob ng propesiya (Gawa 21 :8-9).

Dagdag pa rito, ang propesiya ay binanggit bilang karaniwang kaloob, sa mga lalaki at babae (1 Cor. 11:4-5).





Una nang ibinalita ni Joel na ang Banal na Espiritu ay gagawa upang ang mga anak na babae at lalaki, matanda o bata, aliping lalaki o babae ay magpapahayag ng propesiya (Joel 2:28-29).

# MGA KAMANGGAGAWA NI PABLO

"Ang biling ito ay ipinagtatagubilin ko sa iyo, Timoteo na aking anak, ayon sa mga hula na nangauna tungkol sa iyo, upang sa pamamagitan ng mga ito ay makipagbaka ka ng mabuting pakikipagbaka." (1 Timoteo 1:18)



**Dagdag pa sa mga apostol, mga propeta, at mga propetisa, ilan sa mga katulong ni Pablo ay nabanggit gaya nina, Silas at Barnabas, na may kaloob ng propesiya:**

## TIMOTEO



**Inihula ang pagkatawag nya sa ministeryo (1 Tim. 1:18). Nakatulong sya ni Pablo sa pagsulat ng mga liham: 2 Corinto (2 Cor. 1:1); Filipos (Fil. 1:1); Colossas (Col. 1:1); 1 Tesalonica (1 Tes. 1:1); 2 Tesalonica (2 Tes. 1:1); at Filemon (File. 1:1).**

## TITO



**Ginampanan nya ang ilang tungkulin ng propesiya, gaya ng pagpapatibay (2 Cor. 8:6); Pangangaral (Titus 2:6, 9, 15); at pag-aliw (2 Cor. 7:13)**



# MGA BULAANG PROPETA

"Mga minamahal, huwag kayong magsipaniwala sa bawa't espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu, kung sila'y sa Dios: sapagka't maraming nagsilitaw na mga bulaang propeta sa sanglibutan." (1 Juan 4:1)




Nagbabala si Hesus na babangon ang mga bulaang propeta, na tinawag Nyang "mababangis na lobo" (Mt. 24:24; 7:15). Nagsimulang lumabas itong mga bulaang propeta kahit sa loob ng naunang iglesia (1 Jn. 4:1).

Binalaan ni Pablo ang mga matanda sa Efeso na babangon sa kanila ang "mababangis na mga lobo" (Gawa 20:29). Binalaan nya ang mga taga Corinto tungkol sa pagkakaroon ng mga "huwad na apostol" (2 Corinto 11:13).



Ang tunay na propesiya ay umaayon sa Salita ng Dios, nagtuturo kay Kristo, at nagpapatibay sa iglesia, habang ang mga bulaang propeta ay nagpapahayag ng doktrinang nagpapahati at may pansariling interes.

Tinawagan tayong mga mananampalataya na suriin ang mga propeta at siguruhing ang lahat nilang mensaahe ay naaayon sa Kasulatan at nakasentro kay Kristo.



Ang tangi nating depensa sa mga bulaang propeta (at laban sa mga masamang kapangyarihang gumagabay sa kanila) ay isuot ang baluti na inihanda ng Dios para sa atin (Efe. 6:10-18).

“Ang mga Patriarka, mga propeta, at mga apostol ay nagsalita habang sila ay ginagabayan ng Banal na Espiritu, at malinaw nilang sinabi na hindi sila nagsalita sa pamamagitan ng sariling kapangyarihan, o ng sariling pangalan. Ayaw nilang magbigay ng parangal sa sarili, na walang mag-iisip na sila ang pinagmulan ng anumang ikaluluwalhati nila. Naninibugho sila para sa karangalan ng Dios, na may karapatan sa lahat ng papuri. Ipinahayag nila na mga kakayahan at mensahe nila ay ibinigay sa kanila bilang kinatawan ng kapangyarihan ng Dios. Ang Dios ang kanilang otoridad at kakayahan.”

EGW (To Be Like Jesus, July 30)

# APENDIKS: MGA SUSING PRINSIPYO SA PAGLILINGKOD NI EGW

Ang paglilingkod ni Ellen G. White ay may dalawang pagtuon: upang dalhin ang mga tao kay Hesus; at akayin ang kanilang atensyon sa Biblia.



## UNANG AKSIS: SI HESUS

Matapos ang 1888 congress, nang tinanong tungkol sa pinag-usapang topiko, sagot nya: “ipinapahayag ko na ito sa inyo sa loob ng 45 taon—ang walang kapantay na alindog ni Kristo” (Sermons and Talks, vol. 1, p. 116) .





## IKALAWANG AKSIS: ANG BIBLIA

Hindi itinuring ni Ellen na mas mataas ang mga sinulat nya sa Biblia ngunit palagi nyang hinihimok na ang Biblia ang susubok sa mga ito. Bilang mensahero ng Panginoon, itinuturing nya ang kanyang sarili na “mas mahinang ilaw” gumagabay sa mga tao sa “mas malaking ilaw,” ang Biblia (Selected Messages, vol. 3, p. 29).

